7

# Gawaing Pampagkatuto Sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin

5

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel sa Filipino**
**Kuwarter 4: Aralin 5 (para sa Ikalimang Linggo)**
**TP 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Abigail I. Mirabel-Agapay (Liliw National High School)

**Tagasuri:**

- Joel C. Malabanan (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute of Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 7 | **Kwarter** | 4 |
| **Bilang ng Aralin** | 5 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | **Obra: Ibong AdarnaSaknong 730 – 1006** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |


**I. Gawain Bilang 1: Pamagat KAPWA KO, MAHAL KO!** (Limang minuto)

**II. Mga Layunin:**

a. Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng Ibong Adarna batay sa sariling pananaw, moral, katangian, at karanasan ng tao


**III. Mga Kailangang Materyales:** Panulat at sagutang papel

**IV. Panuto:** Ibigay ang mga estrangherong nagpakita ng pagmamahal at tumulong kay Don Juan upang makarating siya sa Reyno de los Cristales.



V. **Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Paano nasasalamin sa mga pinagdaanan ni Don Juan ang uri ng pagmamahal na tinatawag na '*agape'*? Isulat ang paliwanag sa loob ng puso sa ibaba.



**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 7 | **Kwarter** | 4 |
| **Bilang ng Aralin** | 5 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | **Obra: Ibong Adarna Saknong 730 – 1006** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Gawain Bilang 2: PAGSUNUD-SUNURIN MO!** (Sampung minuto)

**II. Mga Layunin:**

a. Napagsusunod-sunod ang mga mahahalagang pangyayari sa mga binasang saknong ng korido
b. Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng Ibong Adarna batay sa sariling pananaw, moral, katangian, at karanasan ng tao

**III. Mga Kailangang Materyales:** Panulat at sagutang papel

**IV. Panuto:** Pagsunud-sunurin ang mga mahahalagang pangyayari ayon sa binasang bahagi ng korido (saknong 730 – 1006). Ang unang pangyayari ay ibinigay na sa iyo.

_______ A. Hindi nakatiis si Don Juan at lumabas sa pagkakatago. Nakita niya si Donya Maria at agad na nabighani rito. Ninakaw niya ang mga damit ni Donya Maria at dinala sa kanyang pinagtataguan. Nagalit ang prinsesa at nagsabing papatayin ang kumuha ng kanyang damit. Makalipas ang isang oras, lumabas na si Don Juan, lumuhod, at humingi ng tawad.

_______ B. Inatasan ng ermitanyo ang agila na ihatid si Don Juan sa Reyno de los Cristales. Matapos ang isang buwang paglalakbay sa himpapawid, nakarating sila sa banyo ni Donya Maria sa Reyno de los Cristales. Pinagtago ng agila si Don Juan sa halamanan.

_______ C. Ipinakita ni Don Juan ang kapirasong baro ng kanyang kapatid sa ermitanyong kaibigan ng mga ibon. Higit na matanda ang ermitanyong ito sapagkat sagad na sa lupa ang kanyang balbas. Hindi rin nito alam kung nasaan ang hinahanap na kaharian ng prinsipe kung kaya ipinatawag

niya ang mga ibong nasasakupan. Sa una ay walang makapagsabi ng kasagutan. Subalit natuklasan ng ermitanyong wala ang agila. Napagalitan pa niya ang ibon sapagkat huli itong dumating. Sinabi naman ng agila na siya ay nanggaling sa isang lupang malayo ngunit marikit, ang Reyno de los Cristales.

_______ D. Naawa si Donya Maria kay Don Juan at napalitan ang galit ng pag-ibig. Matapos mahulog din sa prinsipe, ibinunyag ni Donya Maria na ang mga bato sa kanilang paligid at mga prinsipe at duke na pinarusahan ng kanyang ama na si Haring Salermo. Pinayuhan niya si Don Juan na sa oras na makaharap ang kanyang ama, ipahayag nito ang tunay na pithaya sa dalaga, huwag sasama sa palasyo, at sabihing siya ay handang maglingkod.

_______ E. Nagising na ang hari at napansin si Don Juan. Tinanong nito ang kanyang pangalan at pinagmulan.

_______ F. Nakaalis si Don Juan sa balon sa tulong ng engkanto ng lobong pinakawalan ni Donya Leonora. Pinagaling din nito si Don Juan gamit ang tubig mula sa Ilog Jordan.

_______ G. Naglakabay muli nang limang buwan si Don Juan at binagtas niya ang pitong bundok bago natagpuan ang ermitanyo. Hindi rin nito alam kung saan matatagpuan ang Reyno de los Cristales. Tinawag niya ang mga hayop sa buong Armenya subalit wala ring nakaaalam. Inutusan ng ermitanyong kaibigan ng mga hayop ang olikornyo na ihatid si Don Juan sa kanyang kapatid. Ipinadala rin niya ang kapiraso ng kanyang baro.

_______ H. Naglakbay si Don Juan nang tatlong taon. Nakakita siya ng isang matandang nagbigay sa kanya ng lumang tinapay na tila ba bagong pirurutong at tubig na tila hindi maubos-ubos. Tinanong siya ng prinsipe kung nalalaman kung saan naroon ang Reyno de los Cristales subalit hindi ito alam ng matanda. Sinabihan niya si Don Juan na puntahan ang isang ermitanyo at ipinadala nito ang kanyang baro.

_______ I. Matapos gumaling, muling nagkita ang prinsipe at ang Ibong Adarna. Pinayuhan ng Ibong Adarna si Don Juang kalimutan na si Donya Leonora at hanapin si Maria Blanca sa Reyno del los Cristales.

_______ J. Sa kaharian naman ng Berbanya, ipinipilit ni Don Pedro ang kanyang sarili kay Donya Leonora. Naghihintay naman si Leonora sa kay Don Juan. Nakakulong lamang siya sa isang silid.

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Ibuod ang mga pangyayari sa saknong 730 – 1006 sa sariling mga salita.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 7 | **Kwarter** | 4 |
| **Bilang ng Aralin** | 5 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | **Mga Elementong Panglingguwistika ng Ibong Adarna** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Gawain Bilang 3: PAGSUSURI SA MGA ELEMENTONG PANGLINGGUWISTIKA NG IBONG ADARNA** (5 minuto kada gawain)

**II. Layunin:**

a. Nasusuri ang mga elementong panglingguwistika sa Ibong Adarna (sukat, tugma, talinhaga, at estilo)

**III. Mga Kailangang Materyales:** Panulat at sagutang papel

**IV. Panuto:** Basahing mabuti ang mga panuto sa bawat gawain at ibigay ang mga wastong kasagutan.

**SUKATIN MO!** Ibigay ang sukat ng mga taludtod na nasa ibaba:

*Nang abutan niyong lobo*
*katawan ay lunong-luno*
*lasog pati mga buto*
*dugo'y nunukal sa ulo.*

*Pinagyaman ang Prinsipe*
*sa higa ay pinagbuti,*
*kumuha ng tatlong bote*
*at lumipad na maliksi.*

**TUGMANG TUGMA!** Suriin ang tugma ng saknong sa ibaba. Ang unang saknong ay ginawa na para sa iyo.

*Pagdapo sa punong kahoy* **a**
*namayagpag na ang ibon,* **a**
*balahibong unang suson* **a**
*hinunos na di nalaon.* **a**

*Nang malabas yaong bago*
*na makislap na karbungko*
*kay Don Juan ay tumungo*
*minulan na ang awit dito.*

**TALINGHAGA, MAHIWAGA!** Pagtambalin ang talinhaga at ang halimbawa nito.

<table>
<tr><th>TALINGHAGA</th><th>URI</th></tr>
<tr><td>1. Sila'y tatlong magkakapatid<br>nag-aagawan sa rikit,<br>tatlong mutya ng pag-ibig<br>sa mundo'y walang kaparis.</td><td rowspan="4">a. pagtutulad o simile<br>b. pagwawangis o metapora<br>c. pagmamalabis o hyperbole<br>d. pagsasatao o personipikasyon</td></tr>
<tr><td>2. Manalig kang walang hirap<br>na di nagtatamong palad,<br>pagmasdan mo't yaong ulap<br>hinawi ng liwanag.</td></tr>
<tr><td>3. Kung narito ka Don Juan<br>makikita yaring lagay,<br>ang dibdib mo kahit bakal<br>madudurog din sa lumbay.</td></tr>
<tr><td>4. Isang sirena sa dagat<br>ang kanyang nakakatulad<br>may ngiting nakabibihag<br>sa puso ng lumiyag</td></tr>
</table>

**ESTILO, ITO BA'Y GETS MO?** Basahin ang mga saknong na nasa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na tanong:

*Sa ating pagsusuyuan*
*sa atas ng pagmamahal*
*malihim ay kataksilan*
*ang Prinsesa'y nagsalaysay*

*"Kaya ikaw ay makinig*
*sa aking ipagsusulit*
*magmalas ka sa paligid*
*ng palasyong sakdal dikit.*

1. Ilang taludtod mayroon sa isang saknong ng Ibong Adarna?
   ______________________________________________
2. Paano sinulat ang mga unang titik sa isang saknong?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
3. Paano ito naiiba sa karaniwang tula?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

## V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak

**TULA MO, SULAT MO!** Pangkatin kayo sa lima. Bawat pangkat ay susulat ng tula tungkol sa wagas na pag-ibig. Dapat na sundin ang mga sumusunod na pamantayan:

- Dapat na may sukat na wawaluhin.
- Binubuo ng apat na saknong.
- May tugma na aaaa-bbbb-aaaa-bbbb.
- May dalawang tayutay.
- May pamagat.

| RUBRIKS | | |
|---|---|---|
| **MAHUSAY (10)** | **KATAMTAMAN (7)** | **KAILANGAN NG PAGSASANAY (4)** |
| Malalim at makabuluhan ang kabuuan ng tula. | Bahagyang may lalim ang kabuuan ng tula. | Mababaw at literal ang kabuuan ng tula. |
| Gumamit ng dalawang tayutay. | Gumamit ng isang tayutay. | Walang ginamit ng tayutay. |
| Mahusay na nagamit ang itinalagang sukat at tugma. | May mga sukat at tugma subalit may ilang inkonsistensi. | May pagtatangkang gumamit ng sukat at tugma subalit halos inconsistent. |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| Asignatura | Filipino 7 | Kwarter | 4 |
|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin** | 5 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | **Estereotipo** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 4: ESTEREOTIPO O HINDI?**

II. **Layunin:**

a. Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng Obra Maestra-Ibong Adarna – estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora, at PWD

III. **Mga Kailangang Materyales**

Panulat at sagutang papel

IV. **Panuto:** Tukuyin kung ang sitwasyon mula sa Ibong Adarna ay isang estereotipo sa panitikan o hindi. Kung ito ay estereotipo, maglalagay sila ng malungkot na emoticon sa kahon. Kung hindi naman, nakangiting emoticon ang iguguhit.

| | |
|---|---|
| | 1. Nandiri si Don Juan sa maitim na tinapay ng matanda at inakala na ito ay hindi masarap. |
| | 2. Bilang babae, si Donyaa Leonora ay mahina at madaling magupo ng kalungkutan. |
| | 3. Inakala ni Don Juan na alam ng mga ermitanyo kung nasaan ang kahariang hinahanap dahil may edad na sila o matagal nang nabubuhay. |
| | 4. Binanggit ng agila na ugali ng mga katutubo na maligo nang madaling-araw. |
| | 5. Bilang lalaki, mabilis na nalimot ni Don Juan si Donya Leonora dahil kay Donya Maria. |

## V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak

1. Paano ipinakita sa Ibong Adarna ang estereotipo sa mga sumusunod:
   a. Edad

      ______________________________
      ______________________________
      ______________________________

   b. Kasarian

      ______________________________
      ______________________________
      ______________________________

   c. Etnisidad

      ______________________________
      ______________________________
      ______________________________

2. Ano ang nakita mong kahinaan ng paggamit ng estereotipo sa isang akdang pampanitikan?

   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

3. Paano nakatutulong ang estereotipo sa pagpapalawig sa katangian ng tauhan?

   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________